

Nasaktan ka na ba sa isang krimen?

Tagalog (Rev 06/09)

Kung oo, maaari kang tulungan ng Programa ng California sa Bayad-pinsala Para sa Nabiktima.

Lokal na Tulong

May mga tulong para sa mga nabiktima sa lahat ng 58 na counties sa buong California. Ang mga tagataguyod na nagtatrabaho sa mga County Victim Witness Assistance Center ay maaaring tumulong sa mga indibidwal sa paghingi ng tulong, isangguni ang mga biktima sa mga crisis facilities at tulungan sila sa proseso ng hustisyang kriminal.

Para hindi na kayo mahirapan, isang listahan ng mga Victim Witness Assistance Centers sa buong Estado ay kasama sa likuran ng fact sheet na ito. Maaari rin kayong makipag-ugnayan sa Programa ng Bayad-Pinsala Para sa Nabiktima sa 800.777.9229 o bumisita sa aming website sa www.victimcompensation.ca.gov.

Maaaring bayaran ng Programa ng California sa Bayad-pinsala Para sa Nabiktima ang mga biktima ng karumaldumal na krimen para sa mga ilang gastos na may kinalaman sa krimen. Ang mga krimen na sakop nito ay: domestikong karahasan, pang-aabuso sa bata, sekswal at pisikal na pananakit, pagpatay sa kapwa, pagnanakaw, nagmamaneho ng lasing at hindi sinasadyang pagpatay ng tao habang nagmamaneho. Ang mga miyembro ng mga pamilya at mga dependents ay maaaring matanggap para sa tulong mula sa Programa.

Maaaring matulungan ng Programa ang mga biktima ng krimen na nangyari sa California at mga residente ng California na nabiktima habang bumibisita sa ibang mga estado o bansa.

Mga gastusin na maaaring mabayaran ng Programa:

- Pag-aalagang Medikal at Pang-ngipin
- Panggagamot sa Isipang Pangkalusugan
- Mga Bayarin sa Pagpapabiling
- Sahod at Tulong sa Pagkawala
- Pagpapanibagong-buhay
- Relokasyon

Tignan sa likuran ang impormasyon sa pakikipag-ugnayan sa Victim Witness Assistance Center

Makakatulong din ang Programa sa pagbibigay payo sa mga bata na dumadanas ng emosyonal na pinsala mula sa pagkakasaksi ng isang marahas na krimen, kahit na wala siyang relasyon ang bata sa biktima.

Hindi maaaring bayaran ng Programa ang anumang gastusin na walang kinalaman sa krimen, mga gastusin na binayaran na ng insurance o ibang reimbursement source, mga gastusin para sa pagkawala, ninakaw o nasirang pag-aari (maliban sa ilang medikal o mga may kinalaman sa medikal na kagamitan, prosthetics, orthotic appliance at iba pa.) o mga pinsala para sa sakit at pagdudusa.

Para mag-aplay sa mga benepisyo ng Programa o makatanggap ng mas marami pang impormasyon, makipag-ugnayan sa inyong local na Victim Witness Assistance Center, o tumawag sa Programa ng Bayad-Pinsala Para sa Nabiktima sa 800.777.9229. Maaari mong i-download ang application sa www.victimcompensation.ca.gov. Kapag magpapadala ng mga application, huwag kalimutang isama ang mga kopya ng mga crime reports, mga bayarin at mga resibo. Gusto kayong tulungan ng mga tauhan ng Programa sa proseso ng aplikasyon para maging madali hanggat maaari.

www.victimcompensation.ca.gov

800.777.9229*

* May tulong sa ibat-ibang wika kung hihiingi.



Para sa tulong, Makipag-ugnayan sa Inyong County Victim Witness Assistance Center:

Alameda	510.272.6180	Orange	949.975.0244
Alpine	530.694.2971	Placer	916.543.8000
Amador	209.223.6474	Plumas	530.283.6285
Butte	530.538.7340	Riverside	951.955.5450
Calaveras	209.754.6565	Sacramento	916.874.5701
Colusa	530.458.0449	San Benito	831.634.1397
Contra Costa	925.957.8650	San Bernardino	909.387.6540
Del Norte	707.464.7273	San Diego	619.531.4041
El Dorado	530.642.4760	San Francisco	415.553.9044
Fresno	559.488.3425	San Joaquin	209.468.2500
Glenn	530.934.6510	San Luis Obispo	866.781.5821
Humboldt	707.445.7417	San Mateo	650.599.7479
Imperial	760.336.3930	Santa Barbara	805.568.2400
Inyo	760.878.0282	Santa Clara	408.295.2656
Kern	661.868.4535	Santa Cruz	831.454.2010
Kings	559.582.3211 ext. 2640	Shasta	530.225.5220
Lake	707.262.4282	Sierra	530.993.4617
Lassen	530.251.8281	Siskiyou	530.842.8229
Los Angeles City	213.978.2097	Solano	707.784.6844
Los Angeles County	800.380.3811	Sonoma	707.565.8250
Madera	559.661.1000	Stanislaus	209.525.5541
Marin	415.499.6450	Sutter	530.822.7345
Mariposa	209.742.7441	Tehama	530.527.4296
Mendocino	707.463.4218	Trinity	530.623.1204
Merced	209.385.7385	Tulare	559.733.6754
Modoc	530.233.3311	Tuolumne	209.588.5440
Mono	760.924.1710	Ventura	805.654.3622
Monterey	831.755.5072	Yolo	530.666.8187
Napa	707.252.6222	Yuba	530.741.6275
Nevada	530.265.1246		